Hermandad de la Sagrada Eucaristia
Latin Mass Society of Cavite ©2022

Inihanda ng Schola Cantorum Sanctae Hildegardis

MISA

PARA SA DAKILANG KAPISTAHAN NG MAHAL NA KATAWAN NG ATING PANGINOONG JESUCRISTO

PAMBUNGAD NA AWITIN

Himno Eucaristico Filipino

Letra de E. Barcelón

Música del P. D. Carceller
Agustino Recoleto




Himno Oficial Del XXXIII C.E.I.
a tempo.
11
mf
ción! Ve - nid, pue blos del O - rien - te, Na-
mf
a tempo.
14
f
pesante
cio - nes to - das, ve - nid; y^en a - bra - zo de fé^ar -
f
pesante
17
rit.
dien - te a Dios Hos - tia ben - de -
rit
19
1.
2.
cid. Ve - cid.


Himno Oficial Del XXXIII C.E.I.
23
p
Ha - ce ya cua - tro cen -
El sol de la^Eu-ca - ris -
Hoy el or - be^esVol-cán
p
28
tu - rias que^es - ta tie - rra Fi - li - pi - na se
ti - a sur - gió^a - qui - tan re-ful - gen - te - que^a^otros
vi - vo de mil o - dios y ren - co - res; en -
31
nu - tre de la doc - tri - na de Cris - to, di - vi - na
pue - blos del O - rien - te al-can - zó su res-plan -
vi - dias, ce - los trai - do - res lo des - tro - zan sin pie -


Himno Oficial Del XXXIII C.E.I.
34
mf
luz; Pue - blo^a -
dor; Y^hoy que^en
dad; Hos - tia
mf
35
cresc.
man - te de Ma - ri - a, an - tes que sus mon - tes
su ce - nit ful - gu - ra i - rra - dian - do ben - di -
San - ta que^en la no - che del mun - do ful - gen - te
cresc.
38
rit.
de^o - - ro,
cio - - nes,
bri - - llas,
rit.

Idinadalangin ko rin na papatnubayan Mo ako, isang makasalanan, sa piging sa kalangitan, na pinaghaharian Mo kasama ng Iyong Anak at ng Espiritu Santo, siyang tunay na liwanag at ganap na kaligayahan at kagalakang hahantungan ng lahat kasama ng Iyong mga banal. Sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon. *Amen.*

Mga Hibik sa Kabanal-Banalang Manunubos

Katawan ni Cristo, pabanalin Mo ako.
Katawan ni Kristo, iligtas Mo ako.
Dugo ni Kristo, tigmakin Mo ako.
Tubig mula sa tagiliran ni Kristo, hugasan Mo ako.
Butihing Hesus, dinggin Mo ako.
Sa loob ng mga sugat mo, itago Mo ako.
Huwag Mong ipahintulot na mawalay ako sa Iyo.
Sa nagpapahamak na kaaway, ipagsanggalang Mo ako.
Sa sandali ng pagpanaw,
tawagin Mo ako't ipag-utos na lumapit ako sa iyo,
upang kaisa ng iyong mga Banal ay makapagpuri sa Iyo
sa kalangitang walang hanggan. Siya nawa.



PAGWIWISIK NG AGUA BENDITA

(Asperges Me)

Ps. 50, 9 et 3; XIII. s.



PANALANGIN NI SANTO TOMAS DE AQUINO MATAPOS ANG PAKIKINABANG

PINASASALAMATAN KITA, Panginoon ko, Dios Amang makapangyarihan at walang hanggan, ako ma'y makasalanan at lingkod mong walang kabuluhan, hindi dahil sa aking karapatan kundi sa Iyong awa't habag. Pinakain mo ako ng ma-hal na Katawan at Dugo ng Iyong Anak, si Jesucristo na aming Poong mahal. Hinihiling ko na ang tinanggap kong banal na komunyon ay huwag na-wang magdulot sa kapahamakan at pagpaparusa kundi sa aking kaligtasan at kapatawaran. Ito nawa'y maging sandata ng pananamplataya at kalasag na dulot mo sa iyong mga kinalulugdan. Ito nawa'y magpadalisay sa akin sa mga hilig kong masasa-ma't lugod ng katawan at damdaming 'di mapigilan. Magbigay nawa sa akin ang banal na komunyon na ito ng pag-ibig at pagkamatiisin; pagka-mapagkumbaba't pagka-masunurin, at kalakasan upang gumawa ng mabuti. Ito nawa'y maging ta-gapagtanggol ko sa lahat ng mga kaaway kong nakikita sa lingid at pananaw, at magpatiwasay sa mga bumabagabag na masama sa aking katawan at kalooban. Magdulot nawa ito sa akin ng mas malalim na kaugnayan sa Iyo, Diyos na totoo at iisa lamang, mula sa aking kamatayan patungo sa walang hanggang kaligayang kasama Mo.

APENDISE

Panalangin ni Santo Tomas de Aquino Bago ang Pakikinabang

Lumalapit ako, makapangyarihan at walang hanggang Dios, sa Sakramento na ito ng Iyong Bugtong na Anak, para ng isang may sakit sa Manggagamot ng buhay; para ng nadudungisan sa batis ng pagkaawa; parang bulag sa ningas na walang hanggang liwanag; parang dukha sa Panginoon ng langit at lupa; at para ng hubad sa Hari ng kaluwalhatian. Iniaamo ko sa Iyong walang hang-gang kabutihan at kaawaan na marapatin Mong pagalingin angaking mga karamdaman, linisin ang aking karumihan, liwanagan ang aking kabulagan, upang matanggap ko ang Tinapay ng mga anghel, ang Hari ng mga hari, ang Panginoon ng mga panginoon, sa paggalang at takot, sa gayong pagsisisi at tunay na pag-ibig, sa gayong pananampalataya at kalinisan, sa gayong pagnanasa at kababaang loob na gaya ng nababagay sa kagalingan ng aking kaluluwa. / Kasihan Mo ako, O Panginoon, na tanggapin hindi lamang ang Sakramento nitong Mahal Mong Katawan, kundi rin naman ang bisa at grasya nito. O mahabagin at kaibig-ibig na Ama, papagindapatin mo ako, na aking makita balang araw sa kaluwalhatian ang Iyong Bugtong na Anak, na ninanasa kong tanggapin ngayon sa ilalim ng anyong tinapay: Siyang nabubuhay at naghahari kasama mo at ng Espiritu Santo, magpasawalang-hanggan. *Amen.*

PAMBUNGAD NA ANTIPONA (*Introitus*)

• *Ps 80:17*



KYRIE *MISSA REGIA*



GLORIA *MISSA REGIA*



PANALANGIN MATAPOS ANG PAKIKINABANG

IPAGKALOOB mo, Panginoon, hinihiling namin, na magalak nawa kami kailanman, kaming nakikibahagi sa buhay na banal, yamang ipinahihiwatig ito sa kasa-lukuyan sa pagtanggap namin sa mahal mong Dugo at Katawan. Ikaw na nabubuhay at naghahari kasama ng Dios Ama at ng Espiritu Santo, Dios, magpasawalang hanggan. — *R.* **Amen.**

ITE MISSA EST *MISSA REGIA*



AWITIN SA PAKIKINABANG

No Mas Amor Que El Tuyo





PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

O DIOS, nagbigay Ka sa amin ng alaala ng Iyong paghihirap sa ilalim ng kahanga-hangang Sakramento na ito: ipagkaloob mo nawa't iggawad sa amin, pakundangan sa pamiminutuho't pagsamba sa mga katotohanan sa iyong Katawan at Dugo ay madama namin ang mga bunga ng Iyong ginanapo na pagtubos sa amin. Ikaw na nabubuhay at naghahari kasama ng Dios Ama at ng Espiritu Santo, Dios, magpasawalang hanggan. — *R.* **Amen.**

SULAT • *1 Cor 11:23-29*

MGA KAPATID: Ito ang turo na tinanggap ko mula sa Panginoon at ibinigay ko naman sa inyo: noong gabing siya'y ipagkanulo, ang Panginoong Jesus ay kumuha ng tinapay, nagpasalamat at pinaghati-hati iyon, at sinabi, "Ito ang aking katawan na inihahandog para sa inyo. Gawin ninyo ito bilang pag-aalaala sa akin." Matapos maghapunan, kumuha rin siya ng kalis at sinabi, "Ang kalis na ito ang bagong tipan na pinagtitibay ng aking dugo. Tuwing iinumin ninyo ito, gawin ninyo bilang pag-aalaala sa akin." Sapagkat tuwing kakain kayo ng tinapay na ito at iinom sa kalis naito, ipinapahayag ninyo ang kamatayan ng Panginoon hanggang sa kanyang muling pagparito. Kaya, ang sinumang kumakain ng tinapay at umiinom sa kalis ng Panginoon sa paraang di nararapat ay nagkakasala sa katawan at dugo ng Panginoon. Kaya't dapat siyasatin ng tao ang kanyang sarili bago siya kumain ng tinapay at uminom sa kalis.

AWITIN SA PAKIKINABANG

Panis Angelicus (Lambillotte)



ANTIPONA SA KOMUNYON

1 Cor 11:26-27



Sapagkat ang sinumang kumakain at umiinom nang hindi kinikilala ang kahalagahan ng katawan ng Panginoon ay kumakain at umiinom ng kahatulan laban sa kanyang sarili. — *R.* **Salamat sa Dios.**

PANINGIT NA AWIT (*Gradual*)

• *Ps 144:15-16*





ALELUYA

• *Jn 6:56-57*





AGNUS DEI *MISSA REGIA*



SANCTUS *MISSA REGIA*



TANTUM ERGO *SPANISH CHANT*



SEQUENCIA o AWITING DUGTUNGAN

Lauda Sion Salvatorem





PREPASYO (*SOLEMNIS*) NG PAGSILANG NI JESUS



TUNAY NGANG MARAPAT at matuwid, angkop at nakagagaling, sa lahat ng dako at sandali na magpasalamat kaming lagi sa Iyo, Panginoong banal, Amang makapangyarihan at walang hanggang Dios.

Sapagkat sa hiwaga ng pagkakatawang-tao ng Salita ay tumanglaw sa amin ang liwanag ng iyong kaluwalhatian. Samantalang siya'y kinikilala naming Dios na nakikita, kami'y sana'y akayin niya sa mga bagay na di-nakikita.

Kaya't kasama ng mga Anghel at mga Arkanghel, ng mga Trono at Dominasyon ay nagpupuri at sumasamba sa Iyo. Kasama nila ay ipinagbubunyi naming walang humpay ang iyong kaluwalhatian:



PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

GAWARAN Mo ang iyong Simbahan, hinihiling namin, Panginoon, ng kapayapaan at pagkakaisa na nakalarawan sa mga handog na ito. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin: na nabubuhay at naghahari kasama ng Dios Ama at ng Espiritu Santo, Dios, magpasawalang hanggan. — *R.* **Amen.**





ANTIPONA SA PAG-AALAY

• *Lev 21:6*



AWITIN SA PAG-AALAY

O Esca Viatorum (O! Kakanin ng mga Naglalakbay)







Ebanghelyo • *Jn 6:56-59*

Noong panahong iyon: Sinabi ni Jesus sa mga Judio: "Ang kumakain ng aking laman at umiinom ng aking dugo ay nananatili sa akin, at ako naman sa kanya. Isinugo ako ng buháy na Ama at ako'y nabubuhay dahil sa kanya. Gayundin naman, ang sinumang kumakain sa akin ay mabubuhay dahil sa akin. Ito ang tinapay na bumabâ mula sa langit. Hindi ito katulad ng kinain ng inyong mga ninuno sa ilang; namatay sila kahit na kumain niyon. Ang kumakain ng tinapay na ito ay mabubuhay magpakailanman." — *R.* **Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

CREDO *MISSA REGIA*

1.





#######